Republic of the Philippines
Department of Education
REGION I
SCHOOLS DIVISION OF DAGUPAN CITY
CITY OF DAGUPAN

RELEASED
SDO-DAGUPAN
BY:
DATE: MAR 28 2022
TRACKING NO. 1777

**Tanggapan ng Pansangay na Tagapamanihala**

PANSANGAY NA MEMORANDUM
BLG. 97 s. 2022

**PANSANGAY NA TAGISAN NG TALENTO SA PANITIKAN**

**Sa :** Kawaksing Pansangay na Tagapamanihala
Mga Hepe ng Tagamasid Pansangay ng CID at SGOD
Mga Tagamasid Pansangay
Mga Tagamasid Pampurok
Mga Punongguro
Mga Ulongguro
Mga Guro

**Mula Kay: AGUEDO C. FERNANDEZ, CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala

**Petsa:** Marso 28, 2022

1. Sa pangunguna ng Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA), Komisyon sa Wikang Filipino (KWF); at Pambansang Lupon para sa Pagpapaunlad ng Aklat (National Book Development Board – Philippines), isinasagawa tuwing buwan ng Abril ang Buwan ng Panitikan alinsunod sa Proklamasyon Bilang 968 na nilagdaan noong 2015 ni dating Pangulong Benigno S. Aquino III.

2. Ang sangay ng mga paaralang panlungsod ng Dagupan sa pamamagitan ng Curriculum and Implementation Division ( CID ) ay magsasagawa ng Pansangay na Tagisan ng Talento sa Pantikan na naka-angkla sa pagdiriwang ng Buwan ng Panitikan sa Bansa na may temang "Pagtuklas sa Karunungang Bayan : Husay at Talento ng mga mag-aaral na Dagupeňo, Ipagmalaki sa Larangan ng Panitikan," na gaganapin sa isang birtwal na platform / tanghalan sa **Abril 28-29, 2022.**

3. Ang tagisan ay may layuning:
   a. Makapagbigay sa mga mag-aaral ng birtwal na tanghalan upang maipakita ang kanilang husay, talento at kakayahan sa pagsulat at pagtatanghal ng Panitikang Filipino.

b. Lumikha ng isang masining na kapaligiran pati na rin ng pampublikong pagpapahalaga sa sining at panitikan; at

c. Suportahan ang pamanang kultura at tradisyon ng bansa lalo na sa wika at panitikan ng Rehiyon 1.

4. Mga kalahok:

   a. Ang mga kalahok sa Tagisan ng Talento sa Panitikan ay magpapamalas ng kanilang husay at pagkamalikhain sa iba't ibang paligsahan

   b. Ang paligsahan ay bukas lamang sa mga mag-aaral sa elementarya at sekondarya sa mga pampublikong paaralan sa Sangay ng mga paaralang panlunsod ng Dagupan na naka-enrol sa panuruang taon 2021-2022.

   c. Ang mga detalye sa bawat paligsahan ay makikita at mababasa sa pamantayan ng bawat paligsahan. ( Enklusyur blg.1).

   d. Ang lahat ng paligsahan ay gaganapin sa isang birtwal na platform/ tanghalan.

**Mga Paligsahang Gaganapin:**

| ELEMENTARYA | | |
|---|---|---|
| **PALIGSAHAN** | **BILANG NG KALAHOK** | **BILANG NG TAGAPAGSANAY** |
| Masining na Pagkukuwento | 1 | 1 |
| Pagsulat at pagbigkas ng Tula | 1 | 1 |
| **SEKONDARYA – JUNIOR HIGH SCHOOL** | | |
| Spoken Word Poetry | 1 | 1 |
| Pinaghandaang talumpati | 1 | 1 |
| Pagsulat at pag-awit ng Jingle | 1 | 1 |
| **SEKONDARYA – SENIOR HIGH SCHOOL** | | |
| Tagisan ng Talino sa Panitikan | 1 | 1 |

5. Ang bawat purok o distrito sa elementarya ay magpapadala lamang ng dalawang (2) kalahok/kinatawan sa bawat paligsahang tinukoy. Ipinauubaya na sa mga tagamasid pampurok ang paraan ng pagpili kung sino ang kakatawan sa kanilang purok.

6. Ang bawat pampublikong paaralan sa antas sekondarya ay magpapadala lamang ng isang (1) kalahok/ kinatawan sa bawat paligsahang tinukoy.

7. Sa lahat ng paligsahang sasalihan ay istriktong sundin at ipatupad ang pagsunod sa itinakdang pangkalusugang protokol ng ating pamahalaaan tulad ng pagsusuot ng face mask, paghuhugas ng kamay, disinpeksyon, pisikal na distansya at anumang kahalintulad na gawain upang maiwasan ang pagkalat ng sakit na Covid-19 at ng iba pang sakit. Ang hindi pagsunod sa mga nasabing protokol na may kaakibat na mga ebidensya ng paglabag *Ipso de facto* ay magpapasawalang bisa sa partisipasyon ng kalahok at magiging basehan sa pagharap nila sa isang aksyong pandisiplina na isasagawa ng naaayon sa batas at polisiya.

8. Sa lahat ng pagkakataon ay nararapat na kunin ang pahintulot o permiso ng mga magulang o tagapangalaga sa mga panahon ng pagsasanay at presentasyon ng

vidyo. ( *tignan ang enklusyur blg. 2, Permiso ng Magulang.*) ***HINDI*** papayagang sumali o dumalo sa paligsahan ang sinumang kalahok na walang kaukulang dokumentong nagsasaad ng pahintulot o permiso mula sa magulang/ tagapangalaga.

9. Ang bawat kalahok at tagapagsanay na makakapasok sa Unang tatlong puwesto ay mapagkakalooban ng tig-isang sertipiko ng partisipasyon at pagkilala. Ang mga kalahok naman na hindi papalarin ay makakatanggap din ng sertipiko ng partisipasyon.
10. Ang lahat ng lahok/ piyesa na isusumite ay nasa Audio-Visual na presentasyon (AVP) na masusing sumusunod sa mga pamantayan ng paligsahang sasalihan. Ang mga materyales ay kinakailangang nasa mataas na depinisyon 1280 X 720 30 Fps na pormat ng vidyo o isang mataas na kalidad na pam-broadcast sa MP4 na pormat. Sundin ang pormat na ito sa paglalagay ng pangalan sa mga piyesa/lahok . *PALIGSAHAN- PAARALAN- DISTRITO)* ( hal. Pinaghandaang Talumpati-DCNHS-JHS- Distrito V)
11. Walang anumang bayaring kokolektahin bilang rehistrasyon sa mga kalahok. Bagaman ang mga gastusin sa pamasahe ng mga kalahok mula at pabalik sa mga lugar ng pagsasanay at iba pang mga gastusin ay maaring kunin sa lokal na pondo o sa ibang mapagkukuhanan ng pondo na dadaan sa karaniwang akawnting at pag-audit na naaayon sa mga tuntunin at regulasyon.
12. Ang lahat ng kalahok ay nararapat na punan ang form ng rehistrasyon na mabubuksan sa link na ito **https://tinyurl.com/REGtagisanngtalento** bago o sa petsang **Abril 15, 2022.**
13. Ang ***Huling Araw*** ng pagsusumite ng mga lahok/ piyesa sa lahat ng kategorya at pagligsahan ay sa **Abril 24, 2022** sa link na ito. ***https://tinyurl.com/OUTPUTTagisanngtalento***
14. Ang mga pangkat ng tagapamahalang teknikal sa Pansangay na Tagisan ng Talento ay magkakaroon ng birtwal na pagpupulong at pagpaplano bilang paghahanda sa Pansangay na Tagisan ng Talento sa Panitikan sa ika-31 ng Marso, 2022 sa ganap na 10:00 hanggang 12:00 ng Tanghali. ( Enklusyur blg.3).
15. Para sa mga karagdagang impormasyon ay maaaring makipag-ugnayan kay Dr. Gemma M. Erfelo , Tagamasid Pansangay sa Filipino sa Tanggapan ng Sangay ng mga Paaralang Panglungsod ng Dagupan na matatagpuan sa Kalye ng Burgos, Lungsod ng Dagupan.
16. Ninanais ang dagliang pamamahagi ng memorandum na ito.

( Enklusyur blg 1 sa Pansangay na Memorandum Blg______, s 2022)

SEKONDARYA- JUNIOR HIGH SCHOOL

## MGA PAMANTAYAN SA TAGISAN NG TALENTO SA PANITIKAN

| Paligsahan | TAGISAN NG TALENTO SA PINAGHANDAANG TALUMPATI | |
|---|---|---|
| Baitang ng Mag-aaral | Baitang 7, 8, 9,10 | |
| Kategorya | SEKONDRAYA -JUNIOR HIGH SCHOOL | |
| Oras na Inilaan | 5 Minuto ang Pagtatalumpati | |
| Pamantayan sa Bawat Sangay | Pamantayan | Bahagdan |
| | **Nilalaman at pagkakasulat** | **50%** |
| | Nilalaman at kaugnayan sa Paksa (20%) | |
| | Paglalahad ng mga patunay (15%) | |
| | Kaisahan ng Diwa (15%) | |
| | **Interpretsasyon** | **15%** |
| | Istilo ng Paglalahad (10%) | |
| | Pagbibigay diin sa damdamin ( 5%) | |
| | **HIkayat** | **10%** |
| | Kilos, Galaw, Kumpas, Ekspresyon ng mukha (5%) | |
| | Kakanyahang pantanghalan, dating sa madla (5%) | |
| | **Tinig** | **10%** |
| | Kaangkupan ng diwa at damdamin ( 5%) | |
| | Taginting at lakas ( 5%) | |
| | **Bigkas** | **15%** |
| | Matatas at Maliwanag ( 5%) | |
| | Wastong Pagbubuklod ng Salita ( 5%) | |
| | Diin ( 5%) | |
| | **KABUOAN** | **100%** |

I. **Patnubay sa Kalahok**

a. Isang opisyal na kinatawan lamang sa bawat Junior High School ang kalahok sa paligsahan.

*b.* Ang paksa ng talumpati ay naaayon sa tema ng pansangay na Tagisan ng Talento sa Panitikan. ***Pagtuklas sa Karunungan Bayan : Husay at Talento ng mga mag-aaral na Dagupeño, Ipagmalaki sa Pamamagitan ng Panitikan."***

c. Ang bidyo ay maglalaman lamang ng talumpating itatanghal sa Tagisan ng talento sa Panitlkan.

d. Ang lahat ng bidyong isusumite at itatanghal ay magiging karampatang pag-aari ng SDO Dagupan City na Ipapalabas sa isang onlayn na platporm.

e. Ang bawat kalahok ay nararapat na magsumite ng Permiso ng Magulang (Parents Consent).

f. Magrehistro upang maging opisyal na kalahok. ***https://tinyurl.com/REGtagisanngtalento***

g. Babawasan ng isang puntos (1pt) sa pangkalahatang iskor sa unang 30 segundo na lalabis na oras ng pagtatanghal at kalahating puntos (0.5) sa bawat isang minutong lalabis.sa mga susunod pang oras.

**II. Panuntunan sa pagsasagawa ng pre-recorded video ng talumpati**

*a.* Istriktong sundin ang mga pamantayang pangkalusugan ng *Inter Agency Task Force of Emerging Diseases (IATF)* at ng lokal na pamahalaan sa proseso ng pagbuo ng pre recorded na bidyu.

*b.* Ang kabuuang haba ng pre-redcorded video ay hindi lalagpas sa limang minuto ito ay nararapat na nasa *high definition 1280 x 720 30 Fps* pormat ng bidyo o bidyo na may mataas na kalidad na pang-broadkast na nasa anyong MP4 na pormat.

*c.* Hindi pipigilan nag paggamit ng mga props o *technical effects* sapagkat ibabatay ang resulta ng pagtatanghal sa ibinigay na pamantayan.

d. Kailangang magsumite ng PDF copy (softcopy) ng piyesa bilang sanggunian ng mga hurado at komite. Ibibigay ang kopya sa itinalagang link ng komite ng paligsahan.

| Paligsahan | TAGISAN NG TALENTO SA PAGSULAT AT PAG-AWIT NG JINGLE | |
|---|---|---|
| Baitang ng Mag-aaral | Baitang 7, 8, 9,10 | |
| Kategorya | SEKONDRAYA -JUNIOR HIGH SCHOOL | |
| Oras na Inilaan | 2 – 4 Minuto ang Pagtatanghal | |
| Pamantayan sa Bawat Sangay | Pamantayan | Bahagdan |
| | **Liriko** | **50%** |
| | Kaangkupan sa tema ( 25%) | |
| | Pagkamalikhain ( 25 %) | |
| | **Musikalidad** | **30%** |
| | Presentasyon ( 15%) | |
| | Pangkalahatang Pagtatanghal ( 15%) | |
| | **Orihinalidad** | **20%** |
| | **Kabuoan** | **100%** |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a. Isang opisyal na kinatawan lamang sa bawat Junior High School ang kalahok sa paligsahan.

b. Ang paksa ng Jingle ay naaayon sa tema ng pansangay na Tagisan ng Talento sa Panitikan. ***Pagtuklas sa Karunungan Bayan : Husay at Talento ng mga mag-aaral na Dagupeño, Ipagmalaki sa Pamamagitan ng Panitikan."***

c.

d. Ang bidyo ay maglalaman lamang ng jingle na itatanghal sa Tagisan ng talento sa Panitlkan.

e. Ang lahat ng bidyong isusumite at itatanghal ay magiging karampatang pag-aari ng SDO Dagupan City na Ipapalabas sa isang onlayn na platporm.

f. Ang bawat kalahok ay nararapat na magsumite ng Permiso ng Magulang (Parents Consent)

g. Magrehistro upang maging opisyal na kalahok. ***https://tinyurl.com/REGtagisanngtalento***

h. Babawasan ng isang puntos (1pt) sa pangkalahatang iskor sa bawat 30 segundo na kukulang sa oras ng pagtatanghal at isang puntos (1 Pt) sa unang 30 segundo na lalabis sa pagtatanghal at karagdagang kalahating puntos (0.5) bawat isang minutong lalabis.sa mga susunod pang oras.

**II. Panuntunan sa pagsasagawa ng pre-recorded video ng Jingle**

a. Istriktong sundin ang mga pamantayang pangkalusugan ng *Inter Agency Task Force of Emerging Diseases (IATF)* at ng lokal na pamahalaan sa proseso ng pagbuo ng pre recorded na bidyu.

b. Ang kabuuang haba ng pre-recorded video ay hindi bababa sa tatlong minuto (3) at hindi lalagpas sa apat na minuto (4) ito ay nararapat na nasa *high definition 1280 x 720 30 Fps* pormat ng bidyo o bidyo na may mataas na kalidad na pang-broadkast na nasa anyong MP4 na pormat.

c. Hindi pipigilan ang paggamit ng mga props o *technical effects* sapagkat ibabatay ang resulta ng pagtatanghal sa ibinigay na pamantayan.

d. Maari ring gumamit ng kahit anong instrumentong musikal o banda. Tandaan lamang na tanging ang kalahok lamang ang maririnig na umaawit

e. Kailangang magsumite ng PDF copy (softcopy) ng piyesa bilang sanggunian ng mga hurado at komite. Ibibigay ang kopya sa itinalagang link ng komite ng paligsahan.

## MGA PAMANTAYAN SA TAGISAN NG TALENTO SA PANITIKAN

| Paligsahan | TAGISAN NG TALENTO SA SPOKEN WORD POETRY | |
|---|---|---|
| Baitang ng Mag-aaral | Baitang 7, 8, 9,10 | |
| Kategorya | SEKONDRAYA -JUNIOR HIGH SCHOOL | |
| Oras na Inilaan | 5 Minuto na Spoken Word Poetry | |
| Pamantayan sa Bawat Sangay | Pamantayan | Bahagdan |
| | **Mensahe/Nilalaman** | **40%** |
| | Nilalaman at kaugnayan sa Tema (20%) | |
| | Pagkakalahad ng mga Mensahe (10%) | |
| | Kaisahan ng Diwa (10%) | |
| | **Performans** | **30%** |
| | Ekspresyon ng mukha, kumpas at galaw (15%) | |
| | Linaw at Pagbibigay-diin sa mga salita (10%) | |
| | Kaugnayan ng emosyon sa binibigkas ( 5%) | |
| | **Orihinalidad** | **20%** |
| | Orihinal ang piyesang isinulat (15%) | |
| | Kaangkupan ng mga salitang ginamit sa piyesa (5%) | |
| | **Pangkalahatang Dating** | **10%** |
| | Kahandaaan sa pagpapakita ng talento nang may tiwala sa sarili (10%) | |
| | **KABUOAN** | **100%** |

**I. Patnubay sa Kalahok**

a. Isang opisyal na kinatawan lamang sa bawat Junior High School ang kalahok sa paligsahan.

*b.* Ang paksa ng spoken word poetry ay naaayon sa tema ng pansangay na Tagisan ng Talento sa Panitikan, ***Pagtuklas sa Karunungan Bayan : Husay at Talento ng mga mag-aaral na Dagupenyo, Ipagmalaki sa Pamamagitan ng Panitikan."***

c. Nararapat na orihinal at isinulat ng kalahok ang kanyang piyesa. Mahigpit ipinagbabawal ang pagkopya ng anumang bahagi ng piyesa sa internet o iba pang sanggunian.

Ang sinumang mapatunayan na nangopya ay awtomatikong diskwalipikado sa pagsali sa paligsahan.

d. Kailangang magsumite ng PDF copy (softcopy) ng piyesa bilang sanggunian ng mga hurado at komite. Ibibigay ang kopya sa itinalagang link ng komite ng paligsahan.

e. Ang bidyo ay maglalaman lamang ng spoken word poetry na itatanghal sa Tagisan ng Talento sa Panitlkan. Ang lahat ng bidyong isusumite at itatanghal ay magiging karampatang pag-aari ng SDO Dagupan City na ipalalabas sa isang onlayn na platporm.

f. Ang bawat kalahok ay nararapat na magsumite ng permiso ng magulang (*Parents Consent*).

g. Magrehistro upang maging opisyal na kalahok. Ang link sa rehistrasyon ay ***https://tinyurl.com/REGtagisanngtalento***

h. Babawasan ng isang puntos (1pt) sa pangkalahtang iskor sa unang 30 segundo na lalabis na oras ng pagtatanghal at kalahating puntos (0.5) sa bawat isang minutong lalabis sa mga susunod pang oras.

**II. Panuntunan sa pagsasagawa ng pre-recorded video ng spoken word poetry**

a.Istriktong sundin ang mga pamantayang pangkalusugan ng *Inter Agency Task Force of Emerging Diseases (IATF)* at ng lokal na pamahalaan sa proseso ng pagbuo ng pre-recorded na bidyu.

b. Ang kabuuang haba ng pre-redcorded video ay hindi lalagpas sa limang (5) minuto, ito ay nararapat na nasa *high definition 1280 x 720 30 Fps* pormat ng bidyo o bidyo na may mataas na kalidad na pang-broadkast na nasa MP4 na pormat.

c. Ang paglapat ng music background o effects ay hindi ipinagbabawal sapagkat ibabatay ang resulta ng pagtatanghal sa ibinigay na pamantayan.

ELEMENTARYA

## MGA PAMANTAYAN SA TAGISAN NG TALENTO SA PANITIKAN

| Paligsahan | TAGISAN NG TALENTO SA MASINING NA PAGKUKUWENTO | |
|---|---|---|
| Baitang ng Mag-aaral | Baitang 1, 2, 3 | |
| Kategorya | ELEMENTARYA | |
| Oras na Inilaan | Walang itinalagang oras | |
| Pamantayan sa Bawat Sangay | Pamantayan | Bahagdan |
| | **Pagpapakahulugan/Interpretasyon** | 50% |
| | Pagbibigay-kahulugan sa piyesa (25%) | |
| | Paraan ng pagkukuwento (25%) | |
| | **Performans/Pamamaraan** | 40% |
| | Ekspresyon ng mukha, kumpas at galaw, tamang lakas ng boses (10%) | |
| | Tono, Linaw, Pagbibigay-diin sa mga salita (10%) | |
| | Kaugnayan ng emosyon sa binibigkas ( 10%) | |
| | Interaktibo/konbersisyunal ang paraan sa pagkuwento ( 10%) | |
| | **Pangkalahatang Dating** | 10% |
| | Kahandaaan sa pagpapakita ng talento nang may tiwala sa sarili (10%) | |
| | **KABUOAN** | 100% |

### I. Patnubay sa Kalahok

a. May iisang kuwento ang itatanghal ang kalahok na nasusulat sa wikang Pangasinan na ibibigay ng komite ng paligsahan.

b. Ang kukuhanang bidyu ay hindi bababa sa 3 minuto at hindi rin lalagpas sa limang minuto. Ang isusumiteng bidyu ay ipapasa sa itinakdang araw at sa link na ibinigay ng komite sa kalahok/coach.

c. Ang bidyo ay maglalaman lamang ng masining na pagkukuwento na itatanghal sa Tagisan ng Talento sa PanitIkan. Ang lahat ng bidyong isusumite at itatanghal ay magiging karampatang pag-aari ng SDO Dagupan City na ipalalabas sa isang onlayn na platporm.

d. Ang bawat kalahok ay nararapat na magsumite ng permiso ng magulang (*Parents Consent*) na ilalakip kasabay sa rehistrasyon ng kalahok.

e. Magrehistro upang maging opisyal na kalahok. Ang link sa rehistrasyon ay ***https://tinyurl.com/REGtagisanngtalento***

## II. Panuntunan sa pagsasagawa ng pre-recorded video ng talumpati

a. Istriktong sundin ang mga pamantayang pangkalusugan ng *Inter Agency Task Force of Emerging Diseases (IATF)* at ng lokal na pamahalaan sa proseso ng pagbuo ng pre recorded na bidyu.

b. Ang bidyu ay nararapat na nasa *high definition 1280 x 720 30 Fps* pormat ng bidyo o bidyo na may mataas na kalidad na pang-broadkast na nasa MP4 na pormat.

c. Ang paglapat ng music background o effects ay hindi ipinagbabawal sapagkat ibabatay ang resulta ng pagtatanghal sa ibinigay na pamantayan.

## MGA PAMANTAYAN SA TAGISAN NG TALENTO SA PANITIKAN

| Paligsahan | TAGISAN NG TALENTO SA PAGSULAT AT PAGBIGKAS NG TULA | |
|---|---|---|
| Baitang ng Mag-aaral | Baitang 4,5,6 | |
| Kategorya | ELEMENTARYA | |
| Oras na Inilaan | Walang oras na itinakda | |
| Pamantayan sa Bawat Sangay | Pamantayan | Bahagdan |
| | **Mensahe/Nilalaman** | **40%** |
| | Nilalaman at kaugnayan sa paksa (20%) | |
| | Organisasyon ng mga taludtod/saknong (10%) | |
| | Kaisahan ng diwa ng tula (10%) | |
| | **Pamamaraan/Performans** | **30%** |
| | Ekspresyon ng mukha, kumpas at galaw, tamang lakas ng boses (15%) | |
| | Linaw at Pagbibigay-diin sa mga salita (10%) | |
| | Kaugnayan ng emosyon sa binibigkas ( 5%) | |
| | **Orihinalidad** | **15%** |
| | Orihinal ang piyesang isinulat (10%) | |
| | Kaangkupan ng mga salitang ginamit sa piyesa (5%) | |
| | **Wika/Gramatika** | **15%** |
| | Tama ang paggamit ng mga bantas, antas ng wika (15%) | |
| | **KABUOAN** | **100%** |

I. **Patnubay sa Kalahok**

a. Ang paksa ng pagsulat ng tula ay naaayon sa temang " ***Pagtuklas sa Karunungan Bayan : Husay at Talento ng mga mag-aaral na Dagupeño, Ipagmalaki sa*** Pamamagitan ng Panitikan."

b. Nararapat na orihinal at isinulat ng kalahok ang kanyang tula. Mahigpit na ipinagbabawal ang pagkopya ng anumang bahagi ng piyesa sa internet o iba pang sanggunian.

   Ang sinumang mapatunayan na nangopya ay awtomatikong diskwalipikado sa pagsali sa paligsahan.

c. Kailangang magsumite ng PDF copy (softcopy) ng piyesa bilang sanggunian ng mga hurado at komite. Ibibigay ang kopya sa itinalagang link ng komite ng paligsahan.

d. Ang bidyo ay maglalaman lamang ng pagbigkas ng tula na itatanghal sa Tagisan ng Talento sa Panitlkan. Ang lahat ng bidyong isusumite at itatanghal ay magiging karampatang pag-aari ng SDO Dagupan City na ipalalabas sa isang onlayn na platporm.

e. Ang bawat kalahok ay nararapat na magsumite ng permiso ng magulang (*Parents Consent*) na ilalakip kasabay sa rehistrasyon ng kalahok.

f. Magrehistro upang maging opisyal na kalahok. Ang link sa rehistrasyon ay **https://tinyurl.com/REGtagisanngtalento**

**II. Panuntunan sa pagsasagawa ng pre-recorded video ng talumpati**

*a.* Istriktong sundin ang mga pamantayang pangkalusugan ng *Inter Agency Task Force of Emerging Diseases (IATF)* at ng lokal na pamahalaan sa proseso ng pagbuo ng pre recorded na bidyu.

*b.* Walang itinatakdang haba ng bidyu ng pagbigkas ng tula.

*c.* Ang bidyu ay nararapat na nasa *high definition 1280 x 720 30 Fps* pormat ng bidyo o bidyo na may mataas na kalidad na pang-broadkast na nasa MP4 na pormat.

*d.* Ang paglapat ng music background o effects ay hindi ipinagbabawal sapagkat ibabatay ang resulta ng pagtatanghal sa ibinigay na pamantayan.

SEKONDARYA – SENIOR HIGH SCHOOL

## MGA PAMANTAYAN SA TAGISAN NG TALENTO SA PANITIKAN

| Paligsahan | TAGISAN NG TALENTO SA PANITIKAN | |
|---|---|---|
| Baitang ng Mag-aaral | Baitang 11, 12 | |
| Kategorya | SEKONDARYA- SENIOR HIGH SCHOOL | |
| Oras na Inilaan | | |
| Pamantayan sa Bawat Sangay | **Pamantayan** | **Bahagdan** |
| | **Personalidad** | **10%** |
| | Tindig (5%) | |
| | Ayos at pagharap sa hurado (5%) | |
| | **Pagsulat ng Sanaysay** | **40%** |
| | Kaisahan (10%) | |
| | Organisayon (10%) | |
| | Kaugnayan sa paksa (10%) | |
| | Istilo (10%) | |
| | **Inpuntong Tanong Sagot** | **50%** |
| | Pangkalhatang Impormasyon (10%) | |
| | Persepsiyon/ Katalasan (8%) | |
| | Kakayahan sa Komunikasyon (8%) | |
| | Dating at Bisa (8%) | |
| | Orihinalidad (8%) | |
| | Organisasyon (8%) | |
| | **KABUOAN** | **100%** |

## I. Patnubay sa Kalahok

***Tagisan sa Panitikan***

a. Isang opisyal na kinatawan lamang sa bawat Senior High School ang kalahok sa paligsahan.
b. Ang paligsahan ay gaganapin nang birtwal ngunit *LIVE na itatanghal.*
c. Ang timpalak na ito ay may dalawang bahagi. Ang impuntong pagsulat ng sanaysay (on the spot essay writing), at impuntong tanong-sagot (on the spot Q and A). Ang paksa ay iikot sa mga Karunungang Bayan sa Pilipinas. Kailangang maging kaaya-aya ang mga kalahok kung kaya sila ay magsusuot ng baro't saya. Narito ang mekaniks para sa dalawang bahagi.

**d. Impuntong Pagsulat ng Sanaysay**

1. Ang sanaysay ay dapat nakasulat sa wikang Filipino.
2. Bibigyan ang kalahok ng dalawampung minuto (**20 minuto**) upang sumulat ng sanaysay.
3. Ang sanaysay ay hindi bababa sa limang daang salita (**500 salita**).
4. Ibibigay ng mga hurado ang paksa ng sanaysay sa mismong araw ng timpalak.
5. Kung ang timpalak ay mangyayari on line, ang mga kalahok ay bibigyan ng link ng google docs kung saan sila magsusulat at ito ay imomonitor ng komite. Kung ang kalahok ay nahuling nag-copy-paste mula sa internet, siya ay magiging diskwalipikado sa timpalak.

**e. Impuntong Tanong-Sagot**

1. Ang mga kalahok ay bibigyan ng tatlong katanungan na magmumula sa tatlong hurado.
2. Sa bawat tanong, may dalawang minuto (2 mins) ang kalahok upang sumagot.
3. Magbibigay ng tatlumpong Segundo (30 secs) ang mga hurado upang makapag-isip ang kalahok bago sumagot.
4. Sasagot ang mga kalahok sa wikang Filipino.

( Enklusyur blg 2 sa Pansangay na Memorandum Blg______, s 2022)

PERMISO MULA SA MAGULANG/ TAGAPANGALAGA

Bilang Magulang/ Tagapangalaga ni ________________________________________, Pinatutunayan ko na ako ay masusing nasabihan at nabigyan ng kaalaman sa pangkalahatang Estruktura ng lahat ng gawain sa kanyang sasalihang paligsahan sa Tagisan ng Talento sa Panitikan.

Ang mga Impormasyong aking ibinigay sa Form na ito ay buo, kumpleto at tumpak. Sa pamamagitan ng aking paglagda sa petsang ito ____________________________ aking kinukumpirma na ako ay nasabihang mabuti sa nilalaman ng *form* na ito bilang patunay ng aking walang pag-aalinlangang pagbibigay permiso at pagpayag sa aking anak. Pinatutunayan ko rin na ako at tanging ako lamang ang may hawak ng lahat ng Karapatan, kapangyarihan at pribelihiyo bilang isang legal na magulang/ tagapangalaga na kinakailangan sa aking pagsasagawa at pagpirma ng dokumentong ito na may kaakibat na legal na epekto.

________________________________________

Buong pangalan at lagda ng magulang

( Enklusyur blg 3 sa Pansangay na Memorandum Blg______, s 2022)

## Pangunahing Yunit sa Implementsayon/Mga Pangkat Teknikal

| | |
|---|---|
| **Proponent ng Proyeto :** | **DR. HERBERT R. PEREZ**<br>**JERALD C. PANGAN** |
| **Tagapayo :** | **DR. RENATO SANTILLAN**<br>**DR. MYRNA PERALTA**<br>**HAZEL Z. DOLOR**<br>**JOY U. CERALDE**<br>**SHELA MARIE DE VERA** |
| **Konsultants:** | **DR. GEMMA M. ERFELO**<br>**DR.MA. LINDA R. VENTENILLA**<br>**DR. EDILBERTO R. ABALOS**<br>**DR. MARCIANO U. SORIANO JR., CESO VI**<br>**DR. AGUEDO C. FERNANDEZ, CESO V** |

| **SPOKEN WORD POETRY** | | **PINAGHANDAANG TALUMPATI** | |
|---|---|---|---|
| Tagapangulo | GEMMA ALANO | Tagapangulo | MADELYN DAMO (DCNHS-JHS) |
| Tagapagdaloy | NORMIE FERNANDEZ (DCNHS-JHS) | Tagapagdaloy | TRICIA MAE DELA CRUZ (DCNHS-JHS) |
| kasapi | NESSIE ABALOS ( DCNHS-JHS) | Kasapi | JANICE JOSE (DCNHS-JHS) |
| Kasapi | MARICRIS BAUTISTA ( DCNHS-JHS) | kasapi | LARA ILOISA DOMINGO (DCNHS -JHS) |
| **PAGSULAT AT PAG-AWIT NG JINGLE** | | **PAGBIGKAS NG TULA** | |
| Tagapangulo | FILEMON RIVO ( BBNHS) | Tagapangulo | DIANA CERALDE ( CNHS) |
| Tagapagdaloy | ANASTACIA LAFORTEZA (BBNHS) | Tagapagdaloy | JOHN VINCENT ABRIGO (CNHS) |
| Kasapi | JORELYN CUSI (BBNHS) | Kasapi | LIEZEL PRADO (CNHS) |
| **MASINING NA PAGKUKUWENTO** | | **TAGISAN NG TALINO SA PANITIKAN** | |
| Tagapangulo | KANDICE JO-AN AQUINO ( JJDSTVS) | Tagapangulo | ARNULFO TIRAO (DCNHS-SHS) |
| Tagapagdaloy | RASAVER DOCTOLIRO (JJDSTVS) | Tagapagdaloy | HERCHEY SUAREZ (DCNHS_SHS) |
| Kasapi | JUNILYN SEGUISMUNDO (JJDSTVS) | Kasapi | MARY GRACE NAPEÑAS (DCNHS-SHS) |

| TEKNIKAL AT PALATUNTUNAN | | SERTIPIKO , PROGRAMA AT PATALASTAS | |
|---|---|---|---|
| Tagapangulo | WIDMARK BALMORES ( DCNHS-SHS) | Tagapangulo | JERALD PANGAN (DCNHS-JHS) |
| Kasapi | ENRICO SUAREZ ( DCNHS-SHS) | Kasapi | HERBERT PEREZ (DCNHS-JHS) |
| | RHEVEN CASTRO ( DCNHS-JHS) | | HANNIBAL LUNA (DCNHS-JHS) |
| | JORDZ AIJUNE FERNANDEZ ( DCNHS-JHS) | **TEKNIKAL AT PALATUNTUNAN SA TAGISAN NG TALINO SA PANITIKAN** | |
| | PRINCESS ZYLE ESTRADA ( DCNHS-SHS) | Tagapangulo | NOEL PAUL DE GUZMAN ( DCNHS-JHS) |
| | KENNETH MANGARING ( DCNHS-SHS) | Kasapi | JOJILL BELTRAN ( DCNHS-JHS) |
| | BABYLYN CERVANTES ( DCNHS-SHS) | | KENNEDY GASCON ( DCNHS-JHS) |
| | PRINCESS GRACE KIM ( DCNHS-SHS) | | MARK JOSEPH MACARAEG ( DCNHS-JHS) |
| | RACHELLE VERSOSA ( DCNHS-SHS) | | |
| | DENISE POBLETE ( DCNHS-SHS) | | |
| | PNEUMA ELCANO ( DCNHS-SHS) | | |
| | AURELIO BALIN ( DCNHS-SHS) | | |
| | JOSHUA COQUECO ( DCNHS-SHS) | | |
| | DAWN CRISELLE HANDIG ( DCNHS-SHS) | | |
| | ROWELA ARENAS ( DCNHS-SHS) | | |